

## **PAGGAMIT NG ESTRATEHIYANG RAFT (ROLE, AUDIENCE, FORMAT, TOPIC AT PAGPAPAUNLAD NG PAGSULAT NG SANAYSAY**

**JEZIEL M. FELIX<sup>1</sup>**

**IMELDA G. CARADA, PHD<sup>2</sup>**

17-s-fil-38@lspu.edu.ph<sup>1</sup>  
imelda.carada@lspu.edu.ph<sup>2</sup>  
0000-0002-1688-5574<sup>1</sup>  
0000-0003-3843-2653<sup>2</sup>

Janopol Oriental National High School, Tanauan City, Philippines<sup>1</sup>  
Laguna State Polytechnic University, San Pablo City, Laguna, Philippines<sup>2</sup>

### **ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang raft at pagpapaunlad ng pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral na may kabuuang bilang na animnapung tagasagot mula sa ika-siyam na baiting ng Janopol Oriental National High School. Sa pag-aaral na ito binibigyang katugunan ang mga sumusunod na katanungan: Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit ng estratehiyang Raft batay sa role audience format topic; Ano ang mga Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay bago gamitin ang estratehiyang Raft batay sa nilalaman, organisasyon ng ideya at istruktura ng pangungusap; Ano ang mga Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay pagkatapos gamitin ang estratehiyang Raft sa batay sa nilalaman, organisasyon ng ideya at istruktura ng pangungusap; May makabuluhang kaugnayan ba ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit ng Estratehiyang RAFT at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay; May makabuluhang pagkakaiba ba ang paggamit ng estratehiyang Raft bago at pagkatapos gamitin sa pagpapaunlad ng pagsulat ng sanaysay? Ang pamamaraang deskriptib-eksperimental ang ginamit ng mananaliksik upang makalap ang mahalaga at makatotohanang impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral. Ang istatistikal na pamamaraan na ginamit sa pagsasaliksik ay weighted mean at standard deviation para sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit ng estratehiyang Raft sa pagtuturo. Upang maipakita ang makabuluhang kaugnayan at pagkakaiba ng paggamit ng estratehiyang Raft sa pagpapaunlad ng pagsulat ng sanaysay ay ginamit ng mananaliksik ang Frequency at Colleration (Pearson r). Sa kinalabasan ng pag-aaral, lubos na pagsang-ayon ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang Raft sa pagsulat ng sanaysay. Sa antas ng kasanayan bago gamitin ang estratehiyang Raft na nagkaroon ng interpretasyong bahagyang nakamit ang inaasahan batay sa pangnilalaman, organisasyon ng ideya at istruktura ng pangungusap na nangangailangan pa din ng ibayong gabay sa pagsulat. Batay naman sa antas ng kasanayan pagkatapos gamitin ang estratehiyang raft ay nagkaroon ng interpretasyong higit na nakamit ang inaasahan na nagpapakitang sa tulong ng estratehiyang raft ay mas napaunlad nila ang pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman organisasyon ng ideya at istruktura ng pangungusap. Batay sa naging resulta walang makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng estratehiyang Raft at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Samantalang may makabuluhang pagkakaiba naman ang paggamit ng estratehiyang Raft bago at pagkatapos gamitin sa pagpapaunlad ng pagsulat ng sanaysay.



*Mga susing salita: Estratehiyang RAFT, Pagtuturo, Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay*